

# 1

Wala na ang masayang pamilyang naninirahan noon sa bahay na kinalakhan ni Denise sa Makati. Noong nasunog ang branch office ng security agency ng papa niya sa Pampanga, kasama ang papa niya sa mga nasawi. Kasunod na namatay ang mama niya dahil sa sakit sa puso. Seventeen years old siya noon.

Hindi siya naniniwala na aksidente ang pagkasunog ng opisina ng papa niya. Ayon sa isang empleyado, may nakalimutang gamit ang papa niya at binalikan nito iyon. Wala na itong buhay nang matagpuan.

Kahit hindi niya tunay na ama ang papa niya ay itinuring siya nitong tunay na anak. Anak si Denise ng mama niya sa unang asawa at ang dala niyang apelyido ay sa biological father niya. Gayunman, mahal niya ang ama na kumupkop sa kanya.

Secretarial Management ang kinukuha ni Denise sa isang unibersidad ng Davao, pero nag-shift siya sa kursong BS Criminology at nakapasa naman sa board exam. Kinupkop siya ng isang tiyahin, kapatid ng mama niya, nang maulila siya. Pareho na kasing nasa ibang bansa ang dalawang anak nito. Biyuda ito

ng isang dating opisyal sa *Philippine Air Force*. Nang makatapos siya sa pag-aaral, pinetisyon naman ito ng anak na nasa Canada.

Pinagplanuhan talaga ni Denise ang mag-apply sa dating security agency ng papa niya—ang *Lionheart Security and Investigation Agency*. Hiring ng sekretarya ang naturang ahensya. Ayos lang sa kanya ang ganoong posisyon. Sa edad ngayon na twenty-four ay may dalawang taon naman na siyang work experience bilang secretary at sa isang security agency rin iyon.

Dalawang araw pa lamang ang nakakalipas mula nang ipasa niya ang resume online ay tinawagan na siya at pinag-report sa main office para sa initial interview, doon din sa Makati. Excited na si Denise na makaapak ulit sa dating kompanya ng papa niya.

---

Hindi maiwasang kabahan ni Denise habang hinihintay na tawagin ang pangalan niya para sa final interview. Siyempre, hindi lang siya ang aplikante para sa nasabing posisyon. Lima na lamang silang natira pagkatapos ng exams at interview, panay babae, at magaganda ang mga kasabayan niya.

Kung ganda ang hanap ng magiging boss, medyo

alanganin siya. Ang iba kasi sa mga kasama niya ay puwede nang panlaban sa *Miss Universe* pageant. Nang tawagin na ang pangalan niya ay dumalas pang lalo ang kabog ng dibdib niya. Panay ang buntong-hininga niya habang papalapit siya sa pinto ng manager's office.

Pagbukas niya ng pinto ay automatic siyang napatingin sa lalaking nakatayo at nakatalikod sa kanya. He was wearing a dark suit. Malapad ang likod nito, nasa anim na talampakan ang taas. Matikas ang tindig ng lalaki at ang buhok ay clean cut.

“Good morning, Sir,” bati niya.

Ganoon na lang ang pagtahip ng dibdib ni Denise nang pumihit ito at humarap sa kanya. Pamilyar ang mukha nito. Sandali niyang binalikan ang nakaraan, noong nasa high school pa siya.

Naging manliligaw niya ito—sumubok manligaw, pero hindi niya pinayagan—ang pinakaguwapong senior student, habang junior naman siya. Pero ang alam niya ay dalawang taon ang agwat ng lalaki sa kanya.

“Hi! Ikaw pala talaga, akala ko kapangalan mo lang,” nakangiting bungad sa kanya ng lalaki.

Napalunok siya.

Tama, ito nga ang makulit niyang manliligaw noon na nagpupumilit palagi na ihatid siya sa bahay nila, pero lagi niyang tinatanggihan. Pinapadalhan pa siya nito ng merienda kapag break time.

Hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Ang campus heartthrob ay isa na ngayong hunk, na lalo pang gumuwapo at lumakas ang sex appeal. Nagka-crush siya rito noon pero natatakot siyang sagutin ito dahil una, ayaw siyang payagan ng mama niya na magkanobyu. Pangalawa, lagot siya sa mga babaeng naghahabol rito.

“Maupo ka, Miss Martin,” pagkuwa’y sabi nito.

Umupo si Denise sa silyang katapat ng office table nito. Naiilang siyang titigan ito sa mga mata. Hindi pa rin humuhupa ang kaba niya. Umupo na rin ito at iniangat ang tingin niya ay kopya ng resumé niya.

“Nakakatuwa, sinong mag-aakala na darating ang araw na ito na magtatrabaho ka sa kompanyang pinapalakad ko,” sabi ni Alejandro, maya’t maya ang sipat sa kanya.

“Hindi pa naman ako opisyal na employed sa kompanya mo,” kaswal na sabi niya.

“But you’re hired. You may start tomorrow,” sagot nito.

Nagulat siya. May mga umaasa pa sa labas. “Paano naman ang ibang aplikante na hindi pa nani-interview?”

“Sorry na lang sila, ikaw ang gusto ko.” Inangat nito ang receiver at sinabihan ang assistant na nakapili na ito at huwag nang paghintayin ang ibang aplikante.

Tumikhim siya nang matapos ang tawag. Nakadama siya ng ilang nang titigan nito nang matagal ang mukha niya. Sa halip na magreklamo, hindi ba dapat nga ay matuwa siya dahil umaayon sa kanya ang pagkakataon?

Bigla siyang nag-alangan sa plano niya dahil kay Alejandro.

“Salamat,” sabi na lamang niya.

“You’re welcome. Maaga ka bukas para mai-endorse sa iyo ng assistant ko ang dapat mong gawin. Biglaan kasing umalis ang dating secretary ko kaya nahihirapan kami. Sana tumagal ka rito. Pero kapag hindi ka na masaya sa trabaho mo, abisuhan mo ako para naman makahanap kaagad kami ng kapalit. Mukhang matiyaga ka naman sa trabaho.”

Ngumiti lamang si Denise.

“Alam mo ba kung ano ang unang nagustuhan ko sa iyo noon? Ang ngiti mo,” mayamaya ay sabi ni Alejandro.

Napalis ang ngiti niya. Hindi niya napigil ang pag-init ng mukha. Sandaling kinagat niya ang ibabang labi sabay baling ng tingin sa kamay nitong may hawak sa resumé niya. May nakasuot na singsing sa kaliwang palasingsingan nito. May kung anong kumurot sa puso niya habang naiisip na kasal na ito.

“Bakit single ka pa rin hanggang ngayon, Denise? Huwag mong sabihing hanggang ngayon hindi ka pa rin tumatanggap ng manliligaw.”

Napilitan siyang tingnan si Alejandro. Ngayon lamang niya naisip ang tungkol sa love life niya. Matapos kasing maghiwalay sila ni Mike ay hindi na siya nagkaroon ulit ng nobyo. Masyado siyang umasa na babalikan siya ng ex-boyfriend kaya naging mailap siya sa ibang lalaki. Inatupag na lang niya ang pag-aaral. Minahal niya si Mike, pero gaya ng karaniwang dahilan, nanlamig ito sa kanya dahil lang hindi niya ito pinagbigyan, hindi niya ibinigay ang sarili rito. Inisip niya na baka ganoon lahat ng lalaki.

“Naging busy ako sa pag-aaral at trabaho kaya

wala na akong panahon sa pakikipagrelasyon,” sabi na lamang niya.

“Pero imposibleng hindi ka nagkaroon ng nobyo.”

“Meron naman pero hindi nagtagal.”

“Baka kasi tinatarayan mo katulad noon. Alam mo bang kahit puppy love lang ang nararamdaman ko sa iyo noon, nasasaktan pa rin ako sa tuwing tinatanggihan mo ako? Sa totoo lang, nahirapan akong kalimutan ka. Sa lahat kasi ng babae na nagustuhan ko, sa iyo lang ako nahirapan. Napaka-expensive ng atensyon mo.”

Hindi niya napigil ang ngiti. “Masyado na iyong matagal. Nakapag-asawa ka na nga,” aniya.

Tumawa nang pagak si Alejandro. “Paano mo nasabing may asawa na ako? Nag-research ka ba?”

“Ha? H-hindi.” Tiningnan niya ulit ang kaliwang kamay nito na may singsing. “May wedding ring ka na kasi,” patuloy niya.

Tiningnan nito ang sariling kamay. “Ah, ito ba? Wedding ring ito ng mama ko. Pumayat siya kasi nagkasakit... at nang masyado nang malaki at maluwag ang singsing para sa daliri niya, sabi niya ako na lang daw ang magsuot.”

“I remember her.” Malaking babae ang ina ni Alejandro, mataba at masayahin. “Kumusta na siya?”

Malungkot na ngumiti ang lalaki. “She’s no longer with us. Nakita mo nga pala siya noong graduation namin.”

Tumango siya. “I’m sorry.”

Umiling si Alejandro, parang pinapalis ang malungkot na alaala. “Sinasadya ko itong isuot para walang babaeng magkainteres sa akin,” aroganteng sabi nito.

“Ang weird,” natatawang sabi niya.

“Weird talaga, pero alam mo bang sa iyo ko lang ito sinasabi?”

Natigagal si Denise. Hindi na niya magawang magsalita.

“Ah, medyo nag-e-enjoy na ako sa usapan natin.” Tumayo ito at nakipagkamay sa kanya. “Congratulations. See you tomorrow,” he said.

“Salamat.” Tumayo na siya saka lumabas.

Pagdating sa bahay ay inihanda kaagad niya ang mga isusuot para bukas. Hindi niya mapigil ang excitement, pero nang maisip ang misyon ay muli



siyang kinabahan. Magtatrabaho siya para mag-  
imbestiga. Kapag nabigyan na niya ng linaw ang lahat  
ay aalis din siya.

Gusto lang niyang makapagsiyasat tungkol sa  
pagkamatay ng papa niya. Ayon sa Ninong Mario  
niya na isang pulis, may disagreement daw noon ang  
papa niya at ang kasosyo nito, nagkainitan. Hindi raw  
nakialam ang ninong niya dahil wala itong sapat na  
ebidensya para masampahan ng kaso si Alfonso Del  
Valle.

---

Pagdating ni Denise sa kompanya ay itinuro  
kaagad sa kanya ni Martha ang mga dapat niyang  
gawin. Si Martha ang personal assistant ni Alejandro.  
Mas matanda lang ito nang tatlong taon sa kanya at  
may asawa at anak na. Napansin niya, karamihan  
sa mga empleyado ng security agency ay panay  
magagandang babae. Hindi niya maiwasang maisip  
kung ilan sa mga ito ang naging girlfriend ng manager  
nila.

“Dito ang opisina mo sa tabi ng office ni GM.  
May intercom dito para kapag tinatawag ka niya.  
Pumunta ka na lang sa office niya. Madalas siyang  
nagpapatimpla ng kape, black, no sugar. Kapag  
humaharap siya sa mga kliyente, kasama ka. May

iba pang negosyo si GM, kaya madalas siyang wala,” ani Martha.

“Ano pa ba ang trabaho niya?” hindi mapigilang tanong niya.

Napahagikgik si Martha. “He’s a model. May master’s degree siya sa Business Administration. Isang taon na siyang namamahala rito sa security agency dahil nasa America ngayon si Sir Alfonso, nagpapagamot.”

“Ibig sabihin pansamantala lang na si GM ang boss nitong kompanya?”

“Oo, pero gusto ng papa niya, siya na ang mangasiwa rito. Kaso matigas ang ulo ni Jandro. Mas gusto niyang rumampa at mag-endorso ng mga produkto. Parang aso’t pusa nga ang mag-ama. Palibhasa kailan lang nagkasama.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Matagal kasing ipinagkait si Jandro ng mama niya sa totoong papa niya. Nakuha lang siya ng papa niya noong namatay ang mama niya. Binata na noon si Jandro noong kunin siya ni Sir Alfonso. Nasa eighteen or nineteen years old kung di ako nagkakamali. Wala na rin kasi iyong papa... ’yung stepfather ni GM noon.”

Nauwi na sa chismis ang pa-e-endorso sa kanya ni Martha ng mga duties and responsibilities niya sa opisina. Nakadama siya ng interes na malaman lahat sa buhay ni Jandro. “Eh, di ba may asawa si Sir Alfonso? Okay lang d’un sa madrasta niya?” usisa niya.

“Oo, nandoon din sa America ngayon si Mrs. Alfonso. Ang panganay na anak ni Sir, nagtatrabaho sa barko bilang engineer. Binata din iyon, kaso bihirang maligaw rito. Hindi kasi sila magkasundo ni Jandro.”

Naudlot ang kuwentuhan nila nang dumating si Jandro at nagtatalak sa mga nakatambay na empleyado sa lobby. Mukhang mainit ang ulo ng lalaki. Iniwan na siya ni Martha sa opisina niya.

“Nasaan ang bagong secretary?” narinig niyang tanong ni Jandro sa kung sinong kausap nito.

Bago pa man may makatawag sa kanya ay lumabas na siya. Kausap ni Jandro si Martha. Ang aga-aga ay nakasimangot ang guwapo nitong mukha. Pero nang makita siya ay umaliwalas ang iyon.

“Good morning, Sir,” bati niya rito.

“Good morning. Pakitimpla ako ng kape.”

Tumalima niya. Naituro na ni Martha ang pantry nang i-tour siya nito sa opisina nila. Kailangan niyang magtimpla gamit ang percolator. Kapeng barako raw ang gusto ni Jandro. Hindi sila magkakasundo pagdating sa kape. Gusto niya ay creamy coffee na sobrang tamis.

Pagpasok niya sa opisina ni Jandro dala ang kape nito ay nadatnan niya itong may kausap sa cellphone habang hindi mapakaling palakad-lakad sa tapat ng mesa nito. Mataas ang boses nito.

“Ayusin n’yo ang problema diyan! Sa atin ipinagkatiwala ang kasong iyan kaya pagbutihin ninyo!” sabi nito sa kausap.

Akmang ilalapag na ni Denise ang kape nito sa mesa nang bigla itong humarap sa kanya. Nasagi ng kamay nito ang hawak niyang tasa ng kape at tumapon iyon sa sahig. Nabasag ang tasa at platito at natapunan pa ng mainit na kape ang paa niya.

Napadaing siya.

Natatarantang binitawan ni Jandro ang cellphone. “Okay ka lang?” balisang tanong nito.

Hindi siya nakakilos nang hawakan nito ang kanang braso niya. Iginiya siya nito paupo sa silya saka nito mabilis na hinubad ang sapatos niya sa

kaliwang paa na natapunan ng kape.

“Martha!” sigaw nito.

Pumasok ang babae. “Bigyan mo ng first-aid si Denise, nabuhusan ng kape ang paa niya. Pakilinis din ang kalat,” utos nito.

Iginiya siya ni Martha palabas ng opisina ni Jandro.

## 2

Hindi akalain ni Denise na ganoon ang mararanasan niya sa unang araw niya sa trabaho. Kapag ganoong mainit ang ulo ni Jandro, mukhang natataranta ang mga empleyado nito. Kahit itong si Martha...

“Pagpasensyahan mo na si GM, ganoon lang talaga ’yon, pero hindi ’yun namemersonal,” ani Martha, akmang lalagyan ng petroleum jelly ang nabanlian niyang paa. Binigyan siya nito ng paper towels nang hugasan niya ang paa sa banyo.

“Ako na lang.” Kinuha na ni Denise ang plastic jar ng petroleum jelly mula rito. “Naiintindihan ko. Aksidente ang nangyari, nasagi niya ang kamay kong may hawak ng kape kanina. Hindi naman siya nagalit sa akin,” aniya.

“Siyempre, dahil bago ka pa lang. Nahihiya pa siyang magsungit sa iyo.”

“Ganoon ba?”

Gaano nga ba niya kakilala si Jandro? Ibang-iba na ito ngayon. Pero sa halip na matakot ay nakadama siya ng pagka-curious sa binata. Ganoon talaga ang tipo niyang lalaki, suplado pero malambing. Pero ano

bang malay niya? Malayo na siguro ito sa Jandro na nakilala niya noong high school sila.

Nang masigurong ayos lang siya ay iniwan na siya ni Martha. Bumalik na rin siya sa trabaho.

Wala pa siyang isang oras na nakaupo ay tumunog na ang intercom. Tinatawag siya ni Jandro. Iniwan niya ang ginagawa at tinungo ang binata sa opisina nito.

“Yes, Sir?” bungad niya. Abala sa pagtipa sa keyboard ng laptop nito si Jandro.

“May access ka na ba sa company files sa computer mo?” tanong nito, hindi tumitingin sa kanya.

“Opo, nabuksan ko na,” aniya.

“Hanapin mo ang mga files noong 2003.”

Kinabahan siya. Papa pa niya ang namamahala sa security agency nang taong iyon. “Okay, Sir. Lahat po ba?”

Tumango ito. “Ihiwalay mo ang billing sa mismong case files.”

“Sige po.” Kumilos na si Denise para bumalik sa sariling desk.

Muli siyang napaharap nang mahina nitong

sambitin ang pangalan niya. Napalunok siya nang mamataang nakatitig ito sa kanya.

“Kumusta na ang paa mo?” pagkuwa’y tanong nito.

“Ahm, hindi na masyadong masakit,” mabilis niyang sabi.

“Sorry kanina, hindi ko sinasadya,” paumanhin nito.

“Okay lang.”

Tumulin ang tibok ng puso niya nang ngumiti ito nang pagkatamis-tamis. “Hindi ko gusto na gan’un ang nangyari sa unang araw mo sa trabaho. May agents kasi na puro palpak sa trabaho kaya hindi ko maiwasang mainis. Kung nagtatrabaho lang sila nang maayos, eh, di sana hindi ko sila napapagsabihan,” sabi nito.

“Naiintindihan ko po, Sir.” Hindi naman nito kailangang mag-explain sa kanya.

“Baka naman puwedeng tanggalin mo na ang ‘po’ sa pakikipag-usap sa akin. Feeling ko tuloy ang tanda ko na. Na-miss ko ang high school life magmula noong magkita tayo kahapon. Kapag hindi ka busy, puwede ba tayong lumabas?”



Nawindang siya. Medyo kinakabahan siya sa pinagsasabi nito. “Ha? Ah, p-para ano?” naiilang na tanong niya.

“Wala lang. Para naman ma-refresh ang utak ko. Mahilig ka bang mag-movie marathon? O kaya manood ng sports.”

Hindi niya maintindihan ang lakas ng pagtahip ng dibdib niya. Pakiramdam ni Denise ay may naghahabulan sa loob niyon. Hindi siya dapat ma-sidetrack sa misyon niya. Hindi niya alam kung makakatulong o makakasama ang pakikipaglapit niya kay Jandro. Pero bakit hirap siyang tanggihan ito?

“Hindi ako mahilig sa mga movies, eh. Hindi rin ako mahilig manood ng sports,” sabi na lang niya.

“Mag-dinner na lang tayo sa labas.”

“Tayo lang dalawa?”

“Oo.”

Ngumisi siya. “Hindi kaya madyaryo ako pagkatapos kitang samahan?”

Tumawa nang pagak si Jandro. “Bakit, hindi naman ako celebrity. Isa pa, may past naman tayo.”

“Past?”

“Oo. Hindi ba puwedeng ngayon ituloy ang kahapon?”

Nakagat niya ang ibabang labi. *Ang corny*. Pero nawawala ang angas niya sa lalaking ito. “Wala naman tayong past,” aniya.

“Paano mo nasabing wala? Hindi mo lang alam kung gaano ako na-inspire noon sa pag-aaral. Kahit tamad akong mag-aral noon pumapasok pa rin ako para lang makita ka.”

“Sus, matagal na ’yon. Mag-move on na tayo.”

“Ayaw kong mag-move on lalo na ngayong nagkita ulit tayo. Palagi kitang hinahanap sa *Facebook* pero hindi ka yata mahilig sa social media. Tumigil lang ako noong sabihin ng kaklase mong model na ngayon na nag-asawa ka na daw.”

“Sinong kaklase?” manghang tanong niya.

“Si Grace Velarosa.”

Naalala na niya. Si Grace ay isa sa malalapit niyang kaibigan noon na patay na patay kay Jandro. Sinong mag-aakala na magiging modelo ang payatot at negrang kaklase niya na iyon?

“Paano naman niya nasabing nag-asawa na ako ni hindi na nga kami nagkita pagkatapos ng graduation

namin?” tanong niya, sa sarili na lang.

“Aba malay ko, basta ’yon ang sabi niya.”

Hindi na lamang niya sinabi rito na may gusto rito noon si Grace. “Ah, babalik na ako sa trabaho, Sir.”

“Pero hindi mo pa ako sinasagot kung papayag kang mag-dinner tayo mamaya,” sabi nito.

Nakagat uli ni Denise ang labi. “Mamaya na?”

“Kung okay lang sa ’yo.”

“Sige.” Pumayag na lang siya kaysa kulitin pa siya nito.

Lumapad ang ngiti ni Jandro. “Thank you. Hihintayin kita mamaya sa garahe.”

“Ha? Hindi ba puwedeng magkita na lang tayo sa lugar na gusto mo?”

Napalis ang ngiti nito. “Bakit parang ayaw mong makitang kasama ako?”

“Hindi naman. Ayaw ko lang maintriga.”

“Fine. Ganito na lang, susunduin na lang kita sa bahay mo.”

Mas kampante siya roon. “Sige.”

“Eight, ah?”

Tumango lamang siya. Pagkuwa’y iniwan na niya ito. Nakangiti si Denise habang nakaharap sa monitor ng computer. Mayamaya ay naiisip niya ang mga negatibong bagay. Imposible namang hanggang ngayon ay may gusto pa rin sa kanya si Jandro. Maraming magagandang babae sa fashion industry.

Aaminin niyang gusto niya ang pakiramdam na parang may pagtatangi ito sa kanya, pero hindi niya maiwasang mag-alala. Sa guwapo nito, imposibleng hindi nito iyon gagamitin para makaakit ng maraming babae.

Nasa second year high school siya nang makilala si Jandro na noon ay nasa third year na. Bali-balita na marami itong naging nobya sa paaralan nila. Ang impression niya talaga sa binata, mapusok ito sa babae. Binatilyo pa lang ito noon, ano pa kaya ngayon? Baka nga hindi lang dalawa o tatlo ang dini-date nitong babae.

Pero kahit anong saway niya sa sarili ay hindi na niya maiwaglit sa sistema niya si Jandro.

Nang makita niya ang 2003 folder ng case files, namayani sa isip ni Denise ang totoong pakay kung bakit siya naroon sa kompanyang iyon.

Napakunot-noo siya nang makita ang sub-folder na cold cases.

Inuna niyang buksan ang buwan ng Disyembre kung kailan naganap ang sunog sa branch office sa Pampanga, na ikinamatay ng papa niya, at isang kaso lang ang laman ng folder na iyon—tungkol sa isang drug syndicate. Inilista niya ang case file number. Magpapatulong siya kay Martha na hanapin iyon sa archives sa library ng opisina. Meanwhile, ipagpi-print niya muna ng kopya si Jandro ng case file ng December 2003.

Binuksan pa niya ang ibang folders, pero kapag may note na ipinatigil na ang pag-iimbestiga sa kaso ay inililista na lamang ni Denise ang case title at case file number.

Nag-print na rin siya ng sariling kopya ng December 2003 case. Sa bahay na niya pag-aaralan iyon.

Posibleng may bagong ebidensya at binuksan ulit ang kaso. Napansin niyang dito lang sa silid niya walang CCTV camera. Dahil ba bagong addition ang silid na iyon? Parang naaamoy pa nga niya ang bagong pintura.

Inayos na lamang niya ang na-print na file at ang

lista ng mga kasong hinawakan nila ng taong 2003 at dinala na ang report sa opisina ng boss.

---

Pagdating sa bahay ay nagpahinga lang si Denise at gumayak na para sa “dinner date” nila ng boss. Five pm siya lumabas ng opisina. Wala pang alas seis ay nasa bahay na siya ng tiyahin sa Bel-Air, Makati. Siya na lamang ang nakatira roon mula nang umalis ito. Sa ngayon, wala pang nababanggit ang Tita Carmen niya kung uuwi pa ba ito o ang mga anak nito sa Pilipinas.

Saktong quarter to eight ay ready na siya. Hihintayin na lamang niya si Jandro.

Medyo nagtagal siya sa pagpili ng isusuot na damit. Ayaw niya talagang i-consider na date iyon, pero gusto niya pa ring maging kaaya-aya siya sa paningin ni Jandro. Hindi siya talaga palaayos pero sinabi niya na lang sa sarili na ayaw niyang magmukhang alalay ng modelong makakasama niya.

Isang white silk blouse ang isinuot niya na pinaresan ng beige skirt na one-inch above the knee. She wore her beige flats because she was more comfortable in them than in her heels. Besides, sa height niyang 5’4”, hindi na siya dehado kahit

six-footer pa si Jandro. Isa pa, naka-heels na siya sa opisina. Inilugay ni Denise ang lampas-balikat niyang buhok na nakapusod kaninang nasa office siya. Naalala niyang maikli iyong buong panahong nag-aaral siya sa pagka-pulis. Pinahiran niya ng pink lipstick ang mga labi niya at ng manipis na face powder ang mukha. Ang kuwintas na regalo ng papa niya noong sixteen siya ang tanging alahas na suot niya.

Hindi pa man dumarating si Jandro ay nasasabik na siya. Gusto niyang sumilip sa bintana sa tuwing may maririnig siyang nagdaraang kotse sa tapat ng bakuran. Hindi niya inisip na ma-e-excite siya nang ganoon. Masyado yata siyang natutuwa sa pagkukrus ng landas nila ng dating manliligaw.

Sabagay, wala naman sigurong mawawala kung makipagkaibigan siya rito. Baka nga makatulong pa ito sa misyon niya.

Nang may bumusinang sasakyan sa labas ay nataranta siya. Dinampot kaagad niya ang puting clutch bag saka lumabas. Huminga siya nang malalim at hinintay na tumunog ang doorbell.

Walang limang segundo at narinig nga niya ang buzzer.

Lumabas na siya at binuksan ang gate. Tinulungan pa siya ng binata sa pagsasara niyon. Inalalayan siya nito sa pagsakay sa passenger seat.

Napansin niya ang maya't mayang pagsipat nito sa kabuuan niya nang nagda-drive na ito.

“You look gorgeous tonight, Denise. Well, you always do,” puri nito.

Uminit ang mukha niya. “Salamat,” naiilang na sabi niya.

“Dito ka lang pala nakatira sa village na ito,” umpisa ni Jandro. Malamang alam nito ang tungkol doon dahil sa ipinasa niyang resume at sa employee file niya.

“Matagal na rin,” sabi niya. Hindi na nito kailangang malaman na hindi siya sa bahay ng tiyahin nakatira noong nasa high school sila.

“Kasama mo ang parents mo? Sana pala nakilala ko sila bago tayo umalis.”

“Wala na sila.”

“Ha? I mean, I’m sorry to hear that. Nasaan na ang mga magulang mo?” Sandali siya nitong tiningnan.



“Naulila ako n’ung seventeen ako. Magkasunod silang nawala,” malungkot na sagot niya.

“Oh. So, ikaw lang pala sa bahay n’yo. Hindi ka ba nalulungkot o natatakot?”

“Hindi naman. Sanay na akong mag-isa.” Alangan siyang ngumiti.

“Pero dapat may kasama ka. Hayaan mo, kapag hindi busy, sasamahan kita.”

Napatingin siya rito. Hindi niya alam kung nagbibiro ba ito. “Hindi na kailangan, may security naman ang subdivision,” aniya.

“Kahit na. Mas mabuti na ’yong nakikita ng ibang tao na may kasama ka. Hindi mo masabi ang panahon ngayon. I hope maayos ang security ng bahay mo.”

*Bahay ng Tita Carmen ko, actually.* “Safe naman dito.”

“Basta, dadalawin kita madalas.”

Hindi na lamang siya kumibo. Titingnan ni Denise kung magagawa nito iyon. Sa sobrang busy ni Jandro, imposibleng magkakaroon pa ito ng oras para puntahan siya at samahan.

Sa isang kilalang restaurant sa Alabang sila

nagpunta. Maraming sikat na restaurant sa Makati, pero ewan niya bakit dito pa ito nagsadya. Napalayo pa sila.

“Kilala ko ang may-ari nito. Safe ako sa media kapag dito ako pumunta,” sabi ni Jandro, habang papasok sila sa lugar.

Maluwag ang dining area. Iginiya sila ng head waiter sa isang pang-apatang mesa. Tanaw mula sa puwesto nila ang bar counter.

May lumapit na waitress at binigyan sila ng tig-iisang menu book.

“Mag-order ka lang ng gusto mo,” sabi ni Jandro.

Hindi man lang nito binuklat ang menu. Kinakausap nito ang head waiter, parang tungkol sa wine. Nakapili na si Denise ng order niya at sinabi sa waitress. Umalis na ito matapos i-confirm ang gusto niya. Kasunod nitong umalis ang head waiter.

Nagtatanong ang tingin na ibinaling niya kay Jandro. “Huwag mong sabihing papanoorin mo lang akong kumain?”

Ngumiti ito at umiling. “Alam na nila ang gusto ko. Saka sinabi ko na n’ung tumawag ako para sa puwestong ito.”

Mayamaya ay bumalik ang head waiter at inihatid ang isang bote ng red wine. Sinalinan nito ang dalawang kopita bago umalis.

“Cheers!” sabi ni Jandro, at isinagi ang baso sa basong iniangat din niya bago ito uminom.

Nang makainom nang kaunti ay napatitig siya sa mukha nito. Nakangiting tinitigan din siya ng binata.

“Huwag mo naman akong tingnan nang ganyan, Denise,” sabi nito.

Napakislot siya. Mabilis niyang binawi niya ang tingin. Nilagok niya ang laman ng baso niya.

Makalipas ang ilang minuto ay may dumating na lalaking nakasuot ng puting chef jacket.

Gusto niyang mapailing habang nagkukumustahan ang dalawang lalaki.

Nang mabaling ang tingin ng chef sa kanya ay para itong nakakita ng multo. Nanlaki ang mga mata nito. “D-Denise? Ikaw ba ’yan?” Lumapit pa ito sa kanya.

It was Roman. Kaklase ito ni Jandro na nangahas ding ligawan siya. Iyon nga lang, kaagad niya itong binasted.

# 3

Bago pa nakasagot si Denise, umupo na si Roman sa bakanteng silya sa tabi niya. “Teka, bakit magkasama kayong dalawa?” usisa nito.

“We’re on a date,” agaw ni Jandro. “Hindi mo pa rin pala nakakalimutan si Denise, Roman.”

Ngumisi ang lalaki, hindi pa rin inaalis ang tingin sa kanya. “Siyempre, siya ’ata ang kauna-unahang babae na nambasted sa akin.”

Sino nga ba ang mag-aakala na magkikita-kita pa silang tatlo? At professional na rin ang mga ito ngayon.

Tinapik ni Roman ang balikat niya. “Denise, magsalita ka naman. Na-miss ko ang boses mo na nagsabi sa akin na, ‘hindi ako nagpapaligaw.’ ”

Tumawa si Jandro.

Ngumiti na lang siya. “Sorry na. Mga bata pa kasi tayo noon,” aniya.

“Pero ngayon malalaki na tayo. Sakaling liligawan ka ulit namin ni Jandro, sino ang sasagutin mo?” kulit ni Roman.

Pinaglipat-lipat niya ang tingin sa dalawang lalaki. Nakangisi lang si Jandro. Hindi niya sinagot si Roman.

“Tumigil ka, Roman, may asawa ka na,” sita ng kasama niya.

“Kunwari lang naman,” hirit nito.

“Hindi mo ba nakikita, nagdi-date na nga kami ni Denise? Ibig sabihin, ako ang sasagutin niya.”

Tiningnan ni Denise si Jandro saka umiling dito. Kahit apektado ay binalewala niya ang sinabi nito.

Tumawa si Roman. “Oo na, sige na, matigil ka lang. Nga pala, sa December 18, may alumni party ang school natin. Punta kayo.” Binanggit nito ang hotel na paggaganapan at ang oras ng event.

“Okay ’yon, ah. Titingnan ko ang schedule ko sa araw na iyon,” ani Jandro.

“Dapat pumunta ka. Biro nga ng ibang teachers natin, naging sikat ka lang daw hindi mo na sila naalala.”

“Ganoon ba? Sige, maglalaan ako ng oras para sa reunion na ’yan.”

Tinapik ulit ni Roman ang balikat ni Denise.

“Punta ka rin, Denise,” sabi nito.

“Pupunta siya. Ako ang bahala,” sabad ni Jandro.

Sa kabilang banda, gusto rin niyang makita ang mga dating guro nila at ibang kaklase.

Nang dumating ang pagkain ay iniwan na sila ni Roman.

“Pag-aari niya ang restaurant na ito,” kuwento ni Jandro. “Tatlong taon siyang nagtrabaho sa cruise ship bilang chef. Asensado na nga ang mokong na ’yon. Last year lang siya ikinasal.”

“Mabuti pa siya, may pamilya na,” komento niya.

“Gusto mo na rin bang magkapamilya?”

“Sino ba ang hindi?”

“Kung sinagot mo sana ako noon, siguro may anak na tayo ngayon,” sabi nito.

Umismid lang si Denise.

“Kung sasagutin mo na ako ngayon, sigurado nang tayo ang magkakatuluyan.”

“Hindi na lang.”

“Huwag kang magsalita nang tapos.”

Tinitigan niya ito sa mga mata. May kung anong dumadagundong sa dibdib niya habang magkahinang ang mga mata nila. Hindi basta-bastang lalaki si Jandro, at kampante siya kapag kasama ito. Siguro dahil kilala niya ito dati pa.

Itinuon na lamang ni Denise ang atensyon sa paghiwa sa steak niya sa maliliit na piraso. Noon may bumundol sa hita niya.

Napatingin siya sa salarin.

“Sorry,” nakangiting sabi nito.

Hindi niya agad naialis ang tingin sa mukha nito. Napabuntong-hininga na lang siya nang makabawi saka bumalik sa pagkain.

Kahit sa plato nakatingin ay parang nakikita pa rin niya ang brown eyes ng katabi. Ang matangos nitong ilong at ang mapupula at hugis pusong labi. Nakagat niya ang sariling labi nang maalala iyon.

“Nagsisisi ka na ba bakit hindi mo ako sinagot noon?” untag ni Jandro sa pananahimik niya.

Sumubo muna si Denise at nilunok ang pagkain bago tumingin dito. “Tama lang ang desisyon ko noon.”

“Sasabihin mo na naman na masyado pa tayong

mga bata para pumasok sa isang relasyon noon?”

Tumango si Denise. “Alam mo naman pala ’yun, eh.”

“Ibig sabihin gusto mo rin ako noon pero natatakot ka lang?” panghuhuli nito.

Napalunok siya. Uminom siya ng tubig mula sa goblet. Nang bumaling siya kay Jandro, nakatitig ito sa kanya habang sinisimsim ang inumin nito. Kumislot siya nang sagiin muli ng tuhod nito ang hita niya. Pilyo ang ngiti sa mga labi nito.

*Bakit ba sobrang lapit ng upuan niya sa akin?*

Pabilog kasi ang mesang iyon na may apat na upuan sa paligid. Nang umalis si Roman, hindi niya agad napansin na sa halip na lumuwag ay parang lalong sumikip ang puwesto nila.

Muntik na siyang masamid nang makita ang suwabeng pagkagat ni Jandro sa ibabang labi nito. Alam niyang sinadya nito iyon.

“Tama pala ang desisyon ko na hindi muna mag-aasawa. Malay natin, baka tayo talaga ang para sa isa’t isa,” sabi pa nito.

“Joker ka nga pala, naalala ko na,” aniya.



Bumungisngis ito. “Pero seryoso, Denise, kung liligawan kita ulit, sasagutin mo na ba ako?”

“Hindi ko alam,” derecho niyang sagot.

Maraming mas importanteng bagay na dapat niyang unahin. Baka maging sagabal lang sa misyon niya si Jandro. Pero sa kaibuturan ng puso niya, gusto niyang subukan. Subok lang naman.

Sumandal ang lalaki sa upuan. Napansin niyang hindi pa nito nagagalaw ang inorder nito. “Yung totoo, Denise, nakailang nobyo ka na?” usisa nito.

“Isa,” tipid niyang sagot.

“Bakit kayo naghiwalay?”

Tiningnan niya ito. “Siguro hindi na niya ako mahal kaya ipinagpalit na niya ako sa iba,” sabi na lamang niya.

“Ang tanga naman niya,” komento nito.

“Hindi ko siya masisi. Hindi ko maibigay sa kanya lahat ng gusto niya.”

Ngumisi si Jandro. “Tulad ng ano?”

“Baka alam mo na kung ano ang ibig kong sabihin,” sarkastikong sabi niya. “Kumain ka na. Lalamig na ang pagkain mo.”

Ganoon nga ang ginawa nito.

Nang mai-serve ang dessert at coffee nila, saka lang muling nagsalita si Jandro. “He doesn’t deserve you.”

Ibinaba niya ang tasa ng kape. “I know. Pero naging mabait naman siya sa akin.”

“Paano siya naging mabait? Hindi pa ba malinaw na sex lang ang habol niya sa ’yo?” walang abog na komento nito.

Uminit ang mukha ni Denise. Nag-iwas siya ng tingin at tila pinag-iigi ang pagtinidor sa slice ng chocolate caramel cake na nasa harapan niya. “Naiintindihan ko naman siya, dahil karamihan sa mga lalaki ganoon.”

“Oo nga, nandoon na tayo, pero kung mahal ka niya, dapat nirespeto niya ang desisyon mo. Sa halip na magtampo siya, bakit hindi na lang niya pinagbuti ang relasyon ninyo at hinintay kung kailan ka handa?”

“Huwag na natin siyang pag-usapan, Jandro,” sabi niya. “At kahit hindi mo isaboses, alam kong naiintindihan mo rin ang side niya. Mas maniniwala pa ako kung sa kanya ka kampi.”

Hindi kaagad nakaimik si Jandro. “Fine, we won’t talk about your ex anymore. Pero sana bigyan mo ako ng chance.”

Bumuntong-hininga siya at hindi na lamang sumagot.

Inihatid din siya kaagad ni Jandro pagkagaling nila sa restaurant. He didn’t kiss her or anything, but he did hold her hand when he opened the passenger door for her.

Binitawan lamang siya nito nang tumapat sila sa gate ng bahay ng Tita Carmen niya. Kinuha niya ang susi para mabuksan ang padlock sa gate. Muling hinawakan ni Jandro ang kamay niya para kunin ang susi at ito ang nagbukas ng gate para sa kanya. Ibinalik nito sa kanya ang susi, pero hindi agad pinakawalan ang kamay niya.

“I’d like to see you to your door, but I don’t like to overstay my welcome. Pero sa susunod, promise you’ll invite me for coffee?” Pinisil nito ang palad niya, parang walang balak bitawan iyon kung di siya mangangako.

Tahimik siyang tumango.

“Maaga ka bukas sa office, aalis tayo,” sabi nito bago pinakawalan ang kamay niya.

“Saan tayo pupunta?” aniya.

“May dadaluhan tayong meeting sa Pampanga, ’tapos dederecho tayo sa branch office d’un,” sabi nito.

Ang alam ni Denise ay sa kalapit na lugar lamang nagpatayo ng building ang kompanya matapos masunog ang noon ay nirentahan lamang na gusali roon. Kung hindi siya nagkakamali ay ang katabing lote ang na-acquire ng *Lionheart*.

“Okay,” sabi niya. “Salamat.” Pumasok na siya sa gate at muling isinara iyon.

Hindi pa rin umaalis si Jandro. “Get some sleep. See you tomorrow.” Siguro hinihintay nitong makapasok siya sa kabahayan.

“See you,” sabi niya at tumalikod na para tunguhin ang main door.

---

Katulad ng sinabi ni Jandro, maaga si Denise sa opisina kinabukasan. Halos kasunod lang niya itong dumating. Before 11 AM ay nasa private function room sila ng isang restaurant. Nag-brunch na rin sila. Kasama nila si Albert Nuestro, private investigator sa *Lionheart*, at sa Pampanga ito nakadestino. Tantya

niya ay nasa late forties na nito ang lalaki.

Around 11:30 ay dumating ang taong kakausapin nila. Ayon kay Jandro, isang tinyente ang ka-meeting nila, si *PNP* Inspector Homer Domingo.

Habang nagsasalita ang inspector ay patagong pinagmamasdan ni Denise si Jandro. Tahimik lamang itong nakikinig, minsan ay parang may tini-text sa cellphone. Si Albert ang tuwirang nakikipag-usap sa opisyal ng *PNP*. Ito ang naglahad ng files na ibinigay niya kay Jandro kahapon.

Itina-type niya sa laptop bilang minutes ang usapan ng mga ito. Hindi niya binanggit kay Jandro, pero nagdala siya ng maliit na recorder at ini-on iyon para wala talaga siyang makaligtaan.

“May report kaming natanggap na active na ulit ang operasyon ng *Blue Gold Crew* o *BGC*,” tukoy nito sa sindikato. “Ang nag-iimbestiga talaga sa kanila ay si Chief Henry Buena. Nalaman kong nakikipagtransaksyon na ulit ang *BGC* kasi nakipag-coordinate ako sa *PDEA*...”

Lumakas ang kabog ng puso ni Denise nang marinig ang pangalan ng taong itinuring niyang ama. ‘Chief’ ang nakasanayang tawag dito ng marami dahil iyon ang rango nito sa *PNP* nang maagang magretiro

at nagpasya na lamang na maging Deputy Director ng *Lionheart*. Sarhento pa lamang ito ay iniimbestigahan na ng papa niya ang nasabing drug syndicate.

“Si Chief Buena nga po ang nakadiskubre sa utak ng *BGC*, kaya lang naroon siya sa branch office ng *Lionheart* nang masunog iyon at walang nakakaalam kung naipasa pa ba niya ang ang report niya sa *PDEA* o sa superior niya bago siya namatay. Wala rin kaming naisalbang kahit anong papeles mula sa nasunog na opisina,” sabi ni Albert.

Tumango-tango ang inspector. “Ayon sa imbestigasyon, si Director Alfonso Del Valle ang huling kasama ni Chief Buena sa opisina bago iyon nasunog,” sabi nito.

Lumipad ang tingin ni Denise kay Inspector Domingo. At nang mapatingin siya sa katabi, mukhang nagulat din si Jandro base sa reaction nito.

“Inspector, I hope you’re not insinuating na may kinalaman si Director Alfonso Del Valle sa nangyaring sunog,” mahinahon pero madiing saad nito.

“Paumanhin, Sir Jandro, hindi iyon ang intensyon ko. Pero iyon ang testimonya ng isang guard sa security agency ninyo noon. Ayon sa guard na iyon, nakita niyang ini-lock ng iyong ama ang main door

ng opisina bago siya nito sinabihan na puwede na siyang umuwi. Nagtaka nga raw siya, pero ang sabi raw ng papa n'yo, ito na ang maghihintay sa relyebo ng guard—” ani Inspector Domingo.

“Well he’s lying! At bakit ngayon lang siya lumabas?” Jandro protested. Mas malakas na ang boses nito. Mukhang hindi naman dinig sa labas ang komosyon. “Tinangka ni Papa na balikan si Chief Buena nang malaman niyang nasa loob pa ito kaso wala siyang susi sa main door. Pagdating niya d’un, walang guards at walang susi! At maayos ang fire exit. Kung talagang intensyon niyang patayin ang sinuman sa loob, sana pati ang fire exit, inaccessible. Maliwanag na nagsisinungaling ang testigo n’yo! Ito ba ang totoong dahilan kaya n’yo pinapabuksan ulit ang kaso?”

“I’m sorry, Mr. Del Valle, ayaw ko ring isipin na may kinalaman ang tatay mo sa insidente, pero kasama siya sa iimbestigahan namin. May ilang kaanak si Chief Buena na pinapabuksan muli ang kaso dahil nga sa lumutang na witness,” paliwanag ng inspector.

“Witness para idiin ang papa ko?” nang-uuyam na saad ni Jandro, hindi talaga naghihintay ng sagot. “Sinong kaanak niya?” Ang tono ng lalaki ay

tila nagsasabing, ‘maimpluwensya siguro ang taong lumapit sa inyo.’

“Hindi pa namin siya nakakaharap. Isang pulis din sa Maynila ang nagparating ng request sa amin.”

Nanahimik si Jandro.

Bagaman karapatan niyang pabuksan ang kaso, kinakabahan si Denise. Alam niyang ang Ninong Mario niya ang pulis-Maynilang tinutukoy ni Inspector Domingo na nag-request na buksan muli ang kaso ng papa niya.

Hindi niya maiwasang magduda sa reaksyon ni Jandro kanina. Napaka-defensive naman yata nito sa tatay nito. Sabagay, mas nagdududa siguro siya ngayon kung sinabi nitong ang abogado na lamang ng pamilya ang kausapin. Maingat siyang bumuntong-hininga.

“Gusto sana naming makausap ang papa mo,” sabi ng Inspector Domingo.

“Wala siya rito ngayon, nasa America.”

Parang inaasahan na iyon ng pulis, walang expression ang mukha nito. “Inaasahan kong babalik din agad siya.”

Nagkibit-balikat si Jandro. “Rest assured,



Inspector, lilinin ng papa ko ang pangalan niya. Haharapin niya ang kasong ito.”

“Masaya akong marinig iyan, Mr. Del Valle.”

Pagkatapos ang meeting ay dumerecho sila sa branch office sa Angeles City. Nalaman ni Denise na na-acquire din pala ng kompanya ang nasunog na property noon at nagsilbing annex ang itinayong gusali roon.

Halatang mainit ang ulo ni Jandro. Pasado alas doce pa lamang ng tanghali pero ngayon siya nakaramdam ng gutom. Hindi kasi siya nakakain nang maayos kanina sa sobrang antisipasyon sa matutuklasan tungkol sa kaso. Ngayon, para siyang sinisikmura na ewan.

Uminom na lang siya ng tubig.

Nilapitan siya ni Albert. “Aalis na daw kayo ni Sir,” sabi nito.

“Denise!” narinig niyang tawag ni Jandro.

“Yes, sir?”

“Sumakay ka na sa kotse,” utos nito.

Ini-off na niya ang laptop at binitbit iyon saka patakbong tinungo ang lobby.

Kausap pa ni Jandro ang ibang staff nito sa branch. Saktong papunta si Jandro sa kotse ay siyang baba niya. Nagkasalubong sila.

“Saan ka pa pupunta?” iritadong tanong nito.

Butil-butil na ang pawis niya. “Ahm, puwede bang magbanyo muna ako?” naiilang na sabi niya.

“Sa restaurant na lang, gutom na ako.”

“Hindi puwede...”

“Hay, kung kelan naman nagmamadali ang tao. May fashion show pa ako...” sabi nito. “Sige na, bilisan mo na lang.”

Nagmadali na siya. Ang hirap talaga minsan pag may period. Siguro nahulaan din ng lalaki ang sitwasyon. Hindi kasi siya makatingin dito. Iyon na yata ang pinaka-awkward na karanasan niya.

Pagbalik niya ay pinaharurot kaagad ni Jandro ang sasakyan. Masyado itong tahimik at naninibago siya. Pagdating nila sa napili nitong restaurant ay nag-order kaagad ito. Ibang klase palang mainis si Jandro, para itong gutom na leon. Hindi na siya nito kinakausap. Kain lang ito nang kain.